

1. Mahahalagang Punto sa Sistema ng Pamublikong Pensiyaon ng Japan: Sistema ng Pambansang Pensiyaon

- (1) Ayon sa batas, lahat ng taong nakarehistro para manirahan sa Japan mula 20 taong gulang hanggang 59 na taong gulang, maging anuman ang nasyonalidad, ay kinakailangang sumali sa Sistema ng Pambansang Pensiyaon at magbayad ng kontribusyon.
- (2) Ang mga sistema ng pamublikong pensiyaon (kasama rito ang Sistema ng Pambansang Pensiyaon) ay idinisenyo upang makapagbigay ng pinansyal na suporta ang iba't ibang henerasyon sa isa't isa.
- (3) Hindi lamang ang Pensiyaon para sa Matatanda ang binabayaran ng sistema ng pamublikong pensiyaon, ngunit pati na rin ang Pensiyaon para sa may kapansanan at pensiyaon para sa mga survivor na nakaranas ng hindi inaasahang problema sa pera.
- (4) Ginagawan subsidiyo ng gobyerno ng Japan ang bahagi ng pondo para sa mga benepisyo ng pensiyaon.
- (5) Napapailalim sa pagkakaltas ng buwis bilang "kontribusyon para sa social insurance" ang iyong mga kontribusyon para sa pamublikong pensiyaon.

2. Buwanang Kontribusyon

Ang halaga ng kontribusyon para sa Pambansang Pensiyaon ay ¥ 16,980 kada buwan mula Abril 2024 hanggang Marso 2025. Maaari itong bayaran sa pamamagitan ng pera sa mga bangko at iba pang pinansyal na institusyon, post office, at convenience store. Maaari rin itong bayaran sa pamamagitan ng awtomatikong pagpapadala sa bangko, ng pagbabayad sa Internet, o gamit ang credit card.

3. Mga Benepisyo ng Pambansang Pensiyaon

(1) Batayang Pensiyaon para sa Matatanda

Kung binayaran mo ang kontribusyon para sa Pambansang Pensiyaon sa loob ng 10 taon o higit pa at pasok ka sa mga hinihiling na mga kinakailangan, ibabayad sa iyo ang Batayang Pensiyaon para sa Matatanda kapag naging 65 anyos ka na.

(2) Batayang Pensiyaon para sa may Kapansanan

Ibabayad sa iyo ang Batayang Pensiyaon para sa may Kapansanan kung ikaw ay nagkasakit o napinsala habang nasasakop ka ng sistema ng Pambansang Pensiyaon at na ang sakit o kapinsalaan ay magdudulot ng kapansanang tinutukoy bilang Grade 1 o Grade 2 na kapansanan.

(3) Batayang Pensiyaon para sa mga Survivor

Kung ang taong sakop ng Sistema ng Pambansang Pensiyaon ay namatay, ang Pensiyaon para sa mga Survivor ay ibabayad sa kaniyang umaasang asawa na nag-aalaga ng (mga) anak o kaya ibabayad sa kaniyang umaasang (mga) anak.

Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring makipagugnayan sa JPS Branch Office o munisipyo (seksyon para sa Pambansang Pensiyaon) na nakakasakop sa iyong tinitirhang lugar.

Maaari ring bisitahin ang JPS website sa <https://www.nenkin.go.jp/international/index.html> Japan Pension Service Click

Para sa pangkalahatang katanungan tungkol sa sakop ng pensiyaon, mangyaring tawagan kami sa:
 "Nenkin Kanyusha Dayal" 0570-003-004 (lokal na diskuwentong presiyo)
 Kung ang numero ng iyong telepono ay nagsisimula sa 050, mangyaring tawagan kami sa: 03-6630-2525 (normal napresiyo)
 Oras ng serbisyo: 8:30 – 19:00, Lunes – Biyernes
 9:30 – 16:00 para sa ikalawang Sabado ng buwan
 Hindi matatawagan kapag holiday (maliban na lang sa ikalawang Sabado ng buwan), mula Disyembre 29–Enero 3



Ayon sa batas, lahat ng taong nakarehistro para manirahan sa Japan mula 20 taong gulang hanggang 59 taong gulang, maging anuman ang nasyonalidad o haba ng pananatili, ay dapat nasasakop ng Sistema ng Pambansang Pensiyaon, isang uri ng sistema ng pamublikong pensiyaon ng Japan, at magbayad ng kontribusyon ayon sa batas. Kung ikaw ay nakakaranas ng pinansyal na paghihirap upang bayaran ang kontribusyon, maaari kang mag-aplay para sa sistema ng pagkalibre/pagpapaliban ng pagbabayad ng kontribusyon bawat taon. Susuriin namin ang iyong aplikasyon (ang kauna-unahang titingnan namin ay ang nakaraang kita) at kung kwalipikado, pagkalooban ka ng pagkalibre/pagpapaliban. Sa pamamagitan ng prosesong ito, maitatag mo na kasapi ka pa rin sa wastong saklaw ng mga kinakailangan upang matanggap sa hinaharap ang Pensiyaon para sa Matatanda, pati na rin upang tanggapin ang kasalukuyang pensiyaon kung sakaling makaranas ka ng pinsala na nagresulta sa kapansanan.

(1) Aplikasyon para sa kumpleto o bahagyang pagkalibre mula sa pagbabayad ng kontribusyon

Maaari kang mag-aplay para sa kumpleto o bahagyang pagkalibre para sa partikular na taon kung ang bawat kita mo, ng iyong asawa (kahit hindi siya naninirahan kasama mo), o ng ulo ng sambahayan sa nakaraang (mga) taon ay mas mababa sa isang partikular na halaga, o kaya naman isa sa mga ito ay walang trabaho. Kung ikaw ay pumasa sa pagsusuri, pagkalooban ka ng pagkalibre. Pakitandaan na kung napagkalooban ka ng bahagyang pagkalibre, kailangan mong bayaran ang natitirang halaga ng kontribusyon. Kung hindi mo bayaran ang natitirang halaga, ang pinagkaloob na panahon ng bahagyang pagkalibre ay mawawalan ng bisa at magresulta sa pagturi rito bilang panahon na hindi ka nagbayad.

(2) Aplikasyon para sa pagpapaliban ng pagbabayad ng kontribusyon

Maaari kang mag-aplay upang ipagpaliban ang pagbabayad ng kontribusyon kung ikaw ay 49 na taong gulang pababa (maliban sa mga estudyante), at ang bawat kita mo o ng iyong asawa (kahit hindi siya naninirahan kasama mo) sa nakaraang taon ay mas mababa sa isang partikular na halaga. Kung ikaw ay pumasa sa pagsusuri, pagkalooban ka ng pagpapaliban.

MGA TATANDAAN SA APLIKASYON

• Taon ng aplikasyon

- Ang naaangkop na taon para sa exemption o postponement ay nagsisimula sa Hulyo at nagtatapos sa susunod na Hunyo.
- Kung nais mong mapagkalooban ng pagkalibre o pagpapaliban nang walang tigil sa susunod na taon, kinakailangan mong isumite ang aplikasyon tuwing Hulyo.

• Aplikasyon para sa nakaraan at kasalukuyang taon

- Para sa mga nakaraang taon: Maaari kang mag-aplay para sa pagkalibre o pagpapaliban para sa nakaraang mga panahon hanggang 25 buwan mula sa petsa ng pagsusumite ng aplikasyon (gayunpaman, kung nagbayad ka na ng kontribusyon para sa ilang buwan sa loob ng nabanggit na 25 na buwan, hindi na ito maaaring malibre).
- Para sa kasalukuyang taon: Kung ikaw ay mag-aplay para sa pagkalibre o pagpapaliban para sa kasalukuyang taon, sakop nito ang panahon mula ngayon hanggang sa susunod na Hunyo. Ibig sabihin, kung nagsumite ka ng aplikasyon sa gitna ng Enero at Hunyo, hanggang Hunyo ng kasalukuyang taon ang sakop ng aplikasyong ito. Sakop ng isang aplikasyon ang 12 buwan mula Hulyo hanggang sa susunod na Hunyo. Kung nais mong mag-aplay para sa pagkalibre nang mas mahabang panahon, kinakailangang maghanda ng higit sa isang aplikasyon.

Tandaan: Maaari kang magsumite ng aplikasyon para sa nakaraang 25 buwan mula sa petsa ng aplikasyon. Pinapayo namin na magsumite kayo ng aplikasyon sa lalong madaling panahon upang matatag mo na ang nakaraang panahon ay kasapi pa rin sa wastong saklaw. Kung naantala ang iyong aplikasyon, posibleng matanggalan ka ng karapatang makatanggap ng Pensiyaon para sa may Kapansanan.

• Mga dokumentong kinakailangan namin

Kung ikaw ay nag-aplay para sa pagkalibre dahil ikaw ay nawalan ng trabaho, o kaya dahil naging bangkarote o dahil sa paghinto ng negosyo, kailangan namin ng mga kaugnay na dokumento bilang ebidensya. Kasama rito bilang halimbawa ang kopya ng sertipiko ng mga benepisyo sa trabaho (Koyohoken Jukyu Shikakusha Sho) o ng resignation slip para sa mga taong may insurance sa ilalim ng employment insurance (Koyohoken Hihokensha Rishokuhyo). Para sa detalye ng mga kinakailangang ebidensya, mangyaring makipagugnay sa munisipyo o JPS Branch Office na sakop ng iyong tinitirhang lugar.

• Mga dokumento na kailangan namin kung ihahain mo ang iyong aplikasyon gamit ang iyong "My Number (Aking Numero)"

Kung isumite ang form kasama ang iyong My Number sa tanggapan sa minisipyo, atbp., kailangan mong ipakita ang iyong My Number card. Kung wala kang My Number card, mangyaring ihanda ang mga dokumento ayon sa (1) at (2) na nakasaad sa baba;
 Kung ipadadala ang form sa pamamagitan ng koreo, mangyaring ilakip ang kopya (photocopy) ng magkabilang panig ng iyong My Number card. Kung wala kang My Number card, mangyaring ilakip ang kopya (photocopy) ng mga dokumento ayon sa (1) at (2) na nakasaad sa baba;
 (1) Sertipikadong kopya ng iyong resident registry na ipinapakita ang iyong My Number, o ang liham ng notipikasyon ng iyong My Number (kung ang pangalan at address ay kapareho ng naka-record sa resident registry), bilang katibayan na tunay ang iyong My Number.
 (2) Ang iyong driver's license, pasaporte, resident card, o iba pang katumbas na dokumento, upang mapatunayan na ikaw ang may-ari ng numero. (Para sa mga detalye, mangyaring magtanong sa JPS Branch Office.)

SAAN ISUSUMITEANG APLIKASYON

Pakisumite ang kumpletong aplikasyon sa naaangkop na munisipyo o JPS Branch Office. Maaaring ikoreo ang iyong aplikasyon sa mga nabanggit na opisina.

Para sa detalye, mangyaring makipagugnay sa angkop na munisipyo o JPS Branch Office.

Pakitingnan ang susunod na pahina upang makita kung paano punuin ang form para sa aplikasyon.

Paano punan ang form

Halimbawa

Pakibasa nang mabuti kung paano punan ang aplikasyon para sa Pagkalibre / Pagpapaliban ng Pagbabayad ng Kontribusyon sa Pambansang Pensiyon. Sundin ang halimbawa na nakasulat sa pulang tinta upang punan ang naaangkop na impormasyon sa form gamit ang alinman sa wikang Hapon, alpabetong Roman, o numero (Arabic numerals). Pakitandaan na kung hindi kumpleto ang aplikasyon o may kulang sa kinakailangang impormasyon, kailangan naming ibalik sa iyo ang aplikasyon para ilagay ang kulang na impormasyon. Dahil dito, posibleng matagalan ang pagproseso ng iyong aplikasyon.

Ilagay ang petsa (yyyy/mm/dd) ng aplikasyon, ang iyong tirahan sa petsa ng aplikasyon, at ang iyong pangalan sa alpabetong Roman (tulad ng nakasulat sa iyong pasaporte).

Ilagay ang iyong 12 digit na "My Number (Aking Numero)" (iyong Indibidwal na Numero sa Japan) o 10 digit na Basic Pension Number (Basic na Numero ng Pensiyon) sa ①. (Para sa Basic Pension Number, paki-align ang numero sa kaliwa.)

Ilagay ang iyong pangalan sa ③, ang pangalan ng iyong asawa sa ⑤, at pangalan ng pinuno ng sambahayan * sa ⑦ kung naiiba ang tao kaysa sa dalawang nasa itaas. (Kung ang aplikasyon ay para sa nakaraang taon, ilagay ang impormasyon na totoo sa petsa ng huling araw ng taon ng aplikasyon (hal., kung nag-aaplay ka para sa pagkalibre sa taong 2022, ilagay ang pangalan ninyo noong Hunyo 30, 2023).
*Ang ulo ng sambahayan (kadalasan ang pangunahing pinagmumulan ng kita ng pamilya) ay nakarehistro sa Resident Recordng Japan (JUMINHYO).

Sa ⑪ mangyaring sagutin kung ikaw, ang iyong asawa, o pinuno ng sambahayan ay mayroong nakasalalay na mga miyembro ng pamilya na may edad sa pagitan ng 16-18, hanggang Disyembre 31 ng nakaraang taon hanggang sa taon ng aplikasyon. Mayroong tatlong linya: ang unang linya ay tungkol sa iyo, ang pangalawang linya ay para sa iyong asawa, at ang pangatlong linya ay para sa pinuno ng sambahayan. Halimbawa, kung ang pinuno ng iyong sambahayan ay mayroong isang nakasalalay na miyembro ng pamilya, bilugan ang head ng ikatlong linya at bilugan ang "あり" (oo) at ilagay ang 1 sa () sa kanang bahagi.

Kailangan mong mag-file ng isang aplikasyon tuwing Hulyo kung nais mong magkaroon ng eksemsiyon o pagpapatuloy ng pagpapaliban. Gayunpaman, upang pahintulutan kaming maghanda para sa susunod na taon para sa iyo, mangyaring ipahiwatig ang iyong pagpipilian sa ⑬.

1. Kung ikaw ay nabigyan ng buong exemption o pagpapaliban sa oras na ito at kung nakita namin na ikaw ay kwalipikado pa rin sa susunod na taon, nais mo bang mag-aaplay para sa patuloy na exemption o pagpapaliban? Kung HINDI, mangyaring bilugan ang 希望しません sa kahon sa kanang bahagi.

2. Gayundin, kung bibigyan ka ng pagpapaliban sa taon na ito at kung nakita namin na ikaw ay karapat-dapat para sa buong-exemption sa susunod na taon, mas gugustuhin mo bang mag-aaplay para sa buong-eksemsiyon sa susunod na taon? Kung HINDI, mangyaring bilugan ang 希望しません sa kahon sa kanang bahagi.

Para sa mga detalye, mangyaring makipag-ugnay sa JPS Branch Office o sa iyong residential municipal office.

Sa unang seksyon ng form, ikaw bilang taong nakaseguro at aplikante, ay nagpapahayagi na ikaw ay nag-a-apply para sa exception o pagpapaliban ng araw. Ipinapahayag mo rin dito na ang impormasyon tungkol sa iyo, ang iyong asawa at pinuno ng iyong sambahayan ay kumpleto at tama. Pagkatapos ay inaaprubahan mo at ipinagkakatiwala ang Japan Pension Service (JPS) at mga opisina ng munisipyo upang ibahagi ang personal na impormasyon kasama na ang kinikita, na kinakailangan upang suriin ang iyong aplikasyon.

Ang form na ito ay upang mag-aaplay para sa exemption/postponement ng Pambansang Pensiyon

国民年金保険料免除・納付猶予申請書

日本年金機構理事長 あて 令和 2023年 7 月 1 日

指定全額免除申請事務取扱者

市区町村

日本年金機構

以下のとおり免除・納付猶予を申請します。また、配偶者および世帯主の記入に漏れがないことを申し立てます。

この申請に必要な本人、配偶者および世帯主に関する情報(所得情報、生活保護受給情報等)の提供について、市区町村 前住所等

〒 123 - 4567 Tokyo-To, Suginami-Ku, Takaide Nishi, 1-2-3

住所: JOHN SMITH

被保険者氏名: JOHN SMITH

基礎年金番号(10桁)で申請する場合は「①個人番号(または基礎年金番号)」欄に個人番号(または基礎年金番号)を記入してください。

① 個人番号(または基礎年金番号)	X X X X X X X X X X X X X X	② 電話番号	080 XXXX XXXX
③ 被保険者氏名	JOHN SMITH	④ 被保険者生年月日	1990 8 10
⑤ 配偶者氏名	JANE SMITH	⑥ 配偶者生年月日	1990 10 1
⑦ 世帯主氏名	JAMES SMITH	※ 世帯主氏名は被保険者または配偶者以外が世帯主である場合に記入してください。	
⑧ 特記事項	John Smith, U.S.A. John Smith moved from the U.S.A. on 2023/11/1 (配偶者が別世帯の場合) 配偶者の個人番号 (XXXX - XXXX - XXXX)		
⑨ 免除等区分	1. 全額免除 (保険料全額を免除) 2. 納付猶予 (保険料納付を要する) 3. 4分の3免除 (保険料1/4納付が必要) 4. 半額免除 (保険料1/2納付が必要) 5. 4分の1免除 (保険料3/4納付が必要)		
⑩ 申請期間	平成 2023 年度分		
⑪ 16歳以上19歳未満の扶養親族	被保険者: あり () なし 配偶者: あり () なし 世帯主: あり (1) なし		
⑫ 特例認定区分(雇用保険受給者)	被保険者: ① 失業 平成 2023年 4月 1日 ⇒ 雇用保険加入 (あり・なし) 2. 天災等 3. その他 () 配偶者: 1. 失業 年 月 日 ⇒ 雇用保険加入 (あり・なし) 2. 天災等 3. その他 () 世帯主: 1. 失業 年 月 日 ⇒ 雇用保険加入 (あり・なし) 2. 天災等 3. その他 ()		
⑬ 継続希望	1. 「全額免除」または「納付猶予」が承認された場合は、翌年度以降も同じ免除区分での免除申請を希望します。希望しない場合は、をOで囲んでください。 (希望しません) 2. 1を希望した上で、納付猶予が承認された次の年度において全額免除の審査基準に該当する場合は、その年度以降は全額免除を希望します。希望しない場合は、をOで囲んでください。 (希望しません)		
⑭ 備考			

※ 所得に関する情報について、関係法令に基づき、申告義務がある場合には、正しく申告する必要があります。

Ilagay ang iyong numero ng telepono sa ②. Bilugan ang naaangkop na telepono; 1. para sa home phone, 2. para sa mobile, 3. para sa telepono sa trabaho, 4. para sa iba pang mga telepono. Ilagay ang iyong petsa ng kapanganakan (yyyy / mm / dd) sa ④ at ilagay ang petsa ng kapanganakan ng iyong asawa sa ⑥.

Kung ikaw, ang iyong asawa o pinuno ng sambahayan ay tumira sa labas ng Japan hanggang Enero 1 sa taon ng aplikasyon, mangyaring ipahiwatig ang pangalan ng bansa sa ⑧. Halimbawa, kung nakatira ka sa Japan hanggang sa petsa ng aplikasyon (Hulyo 1, 2023), at nag-file ka ng aplikasyon para sa 2023 at nakatira ka sa Amerika hanggang Enero 1, 2023, mangyaring ipasok ang iyong pangalan at "U.S.A."

Ilagay ang My Number (Aking Numero) ng iyong asawa siya ay naninirahan sa ibang address sa Japan hanggang sa petsa ng aplikasyon (hanggang sa ika-30 ng Hunyo ng taon ng aplikasyon, kung nag-aaplay para sa nakaraang taon).

Kung ikaw, iyong asawa, o pinuno ng sambahayan ay lumipat mula sa/patungo sa ibang bansa sa panahon ng taon ng aplikasyon sa ⑩, isulat ang angkop na pangalan, petsa, at bansa sa ⑧. (Halimbawa, kung ikaw ay lumipat patungo sa Japan mula U.S.A. noong Nobyembre 1, 2023, mangyaring isulat ang "Si (iyong pangalan) ay lumipat mula U.S.A. noong 2023/11/1".)

Ilagay ang taon (apat numero) kung kailan mo nais mapagkalooban ng exemption o pagpapaliban. Ang aplikasyon ay mula Hulyo ng kasalukuyang taon hanggang Hunyo ng susunod na taon. Halimbawa, ang aplikasyon para sa taong 2023 ay mula sa Hulyo 2023 hanggang Hunyo 2024.

Maaari kang mag-aaplay para sa nakaraang 25 buwan mula sa petsa ng aplikasyon. Gayunpaman, kung ikaw ay nagbayad na ng kontribusyon para sa ilang buwan sa loob ng 25 buwan, ang binayarang kontribusyon ay hindi maaaring maging exempted o ma-reimburse.

Kung nag-aaplay ka para sa exemption dahil ikaw, ang iyong asawa o pinuno ng sambahayan ay nawalan ng trabaho, halimbawa, nagbitiw sa isang kumpanya, mangyaring ipasok ang petsa (yyyy / mm / dd) ng sumusunod na araw ng pagbibitiw, halimbawa, unang petsa ng kawalan ng trabaho sa ⑫. Ilagay ang iyong impormasyon sa unang linya, at ng iyong asawa sa pangalawang linya, at ang pinuno ng sambahayan ay nasa ikatlong linya. Kung sinuman sa inyo ang nasasakop ng seguro sa trabaho bago ang pagbibitiw, bilugan ang "あり" (oo) na ipinakilita sa kanang bahagi ng arrow mark ⇒ at magsumite ng dokumento ng katibayan tungkol sa saklaw ng seguro.